Republika ng Pilipinas
PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BILANG 7
TAON 1988

HINIHILING ANG PAGPAPATIBAY NG METRO MANILA COMMISSION SA KAPASIYAHAN BILANG 4 TAON 1988 NA PINAGTIBAY NG SANGGUNIANG BAYAN NOONG PANG PITONG PANGKARANIWANG PULONG NA GINANAP NOONG LUNES, MARSO 21 HINGGIL SA PAGBILI NG ISANG SASAKYAN SA TANGGAPAN NG PUNONG BAYAN NG BAYAN NG MUNTINLUPA SA HALAGANG ANIM NA DAANG LIBONG PISO (₱600,000).

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

SAPAGKAT, ang tanggapan ng Punong Bayan ng Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa ay walang opisyal na sasakyan sa kasalukuyan na kadalasan ay siyang nagiging dahilan ng pagkaantala sa kanyang mga pagdalo sa iba't-ibang mga pulong sa loob at labas ng Bayan ng Muntinlupa;

SAPAGKAT, ang ginagamit ng Punong Bayan sa kasalukuyan ay ang sasakyang pampamilya na siya ring nagiging dahilan ng pagkaantala ng kanyang asawa at mga anak;

SAPAGKAT, ang Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa ay hindi nakabili ng opisyal na sasakyan sa loob na ng sampung (10) taon;

SAPAGKAT, ang pagbili ng nasabing opisyal na sasakyan ay makapagbibigay ng mas mabilis na paglilingkod sa mga mamamayan ng Muntinlupa;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ay naglalaan ng halagang anim na daang libong piso (₱600,000) na manggagaling sa kaban ng bayan upang mabili na ang nasabing sasakyan at hinihiling ang pagpapatibay nito sa Metro Manila Commission.

PINAGTIBAY NG NAKARARAMI :

Atty. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

Atty. JAIME R. FRESNEDI
Pang.Punong Bayan/Pang.
Pangulong Opisyal

Kgg. REY E. BULAY
Konsehal

Kgg.LUCIO CONSTANTINO
Konsehal

Kgg. NOLASCO DIAZ
Konsehal

Kgg.EPIFANIO ESPELETA
Konsehal

Republika ng Pilipinas
PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN



KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. LUCIO CONSTANTINO
Konsehal

KGG. NOLASCO DIAZ
Konsehal

KGG. EPIFANIO ESPELETA
Konsehal

KGG. RUFINO JOAQUIN
Konsehal

KGG. ALEJANDRO MARTINEZ
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

SINASANG-AYUNAN :

ELFREN C. CRUZ
Pansamantalang Governador
ng Kalakhang Maynila

RRC:vts